PTA® in California
everychild. onevoice.
Volume 78, Issue 1 Official Newsletter of the California State PTA 2015

**Iniuugnay ng PTA** ang mga pamilya, paaralan, at mga komunidad. Ang PTA ay tumutulong ding matiyak sa mga magulang na may puwesto sila sa mesa kapag may mga importanteng desisyong gagawin na maaring maapektuhan ang paaralan.



# Edisyong Pang-edukasyon



Ang tatlong dekada ng pananaliksik ay nagpapatunay na nakakamit ng mga estudyante ang matataas na grado, may mas magaling na pagdalo, at mas nakagagawa ng kumpletong takdang-aralin kapag ang mga magulang at tagapag-alaga ay kasali. Ang mga pagbabago sa edukasyon katulad ng bagong Local Control Funding (LCFF), Local Control and Accountability Plans (LCAPS), bagong pamantayan ng estado at mag pagsusulit ay naghahatid sa bagong panahon na kung saan ang pakikilahok ng pamilya ay mas importante kumpara sa noon.

Kayo ay may oportunidad na marinig ang inyong tinig! Alamin kung paano ninyo matutulungan ang inyong anak magtagumpay ngayong taon sa paaralan.

**ALAMIN NG HIGIT PA**

Bagong pagsasanay at puntos sa pag-uulat para sa ikatatagumpay ng estudyante. Pages 6-9

**INSIDE**



**Ang tatlong kalakaran ng edukasyon na dapat ninyong malaman ngayong taong pampaaralan,** page 3



**Ang mga bagong pagsusulit ay nagpapatibay ng tagumpay ng estudyante,** page 6



**Mas Malalim na Pagtuklas: Ang mga bagong pamantayan ng California sa wikang Ingles, sining at Matematika,** page 10

# Ang bawat pamilya ay parte ng pamilyang PTA!

Ang PTA ay naniniwala na ang pamilya ay mahalagang bahagi ng lipunan na responsible sa pag-suporta at pag-aalaga ng lahat ng mga bata, at kinikilala naming ang "ang pamilya" ay maaring bigyan ng maraming kahulugan. Kaya kahit sino pa man ang kasapi ng inyong pamilya o paano ninyo ito ituring, ang inyong pamilya ay bahagi ng milyung-milyong miyembro ng matatag na pamilya – ang PTA!





## Ang inyong pagiging kasapi ng PTA ay MAGBIBIGAY ng pagkakaiba

Sa pagsali sa PTA, ipinapakita ninyo sa inyong mga anak na importante and edukasyon, at kayo ay namumuhunan sa kanilang tagumpay. Narito ang ilan sa mga benepisyo ng pagiging kasapi ng PTA:

- **Maging Konektado.** Walang ibang mas magandang paraan para malaman ninyo ang mga kaganapan sa paaralan o mapalago ang relasyon ninyo sa guro o Punung-guro ng inyong anak.
- **Matuklasan ang Maraming Suporta.** Ang PTA ay nag-aalok ng maraming kakaibang programa at kagamitan para sa mga estudyante, mga magulang, pamilya, paaralan, at komunidad.
- **Makapagsalita ang Maraming Suporta.** Ang PTA ay nag-aalok ng maraming kakaibang programa at kagamitan para sa mga estudyante, mga magulang, pamilya, paaralan, at komunidad.school.
- **Maging Mabuting Modelo.** Ang pagiging miyembro ng PTA ay nagpapakita sa inyong anak na binibigyan ninyo ng kahalagahan ang edukasyon.
- **Magtamasa ng Mga Dagdag na Benepisyos.** Ang mga miyembro ng PTA ay nakikinabang sa mga ekslusibong benepisyo katulad ng diskwento sa mga gamit sa paaralan, paupahang sasakyan, mga park na panlibangan, at marami pa.
- **Gumawa ng Kakaiba!** Dahil sa inyong pakikipagtulungan, ang mga miyembro ay nakatulong sa lokal, batas na pang-estado at pambansa at pamantayan para mapabuti ang edukasyon, kalusugan, at kaligtasan ng lahat ng mga bata.safety of all children.

**Ang pagsapi sa PTA ay bukas para sa lahatyone:** Kayo man ay magulang, estudyante, guro, may Tungkulin sa negosyo o miyembro ng komunidad.

## Kung mahalaga sa inyo ang mga bata, sumali sa PTA PTA!

# Ang tatlong kalakaran ng edukasyon na dapat ninyong malaman ngayong taong pampaaralan



## 1 ANG UGNAYANG PAMPAMILYA AY SUSI SA TAGUMPAY NG ESTUDYANTE

Ang dekada ng pagsusuri ay nagpapatunay na ang pakikipagugnayan ng pamilya ay susi sa ikatatagumpay ng inyong anak sa paaralan – at sa buhay! Ang inyong pakikipag-ugnayan sa buhay ng inyong anak – sabay na nagbabasa, pagsisiyasat ng takdang-aralin, tinitiyak ang pagpasok sa paaralan, pakikipagtulungan sa mga guro, nagtatanong tungkol sa araw ng bata sa paaralan at pagsali sa PTA – ay nagbibigay ng tagumpay sa estudyante na mas mataas pa sa kinikitang sweldo, mas magaling na pagganap sa paaralan, nakakakuha ng matataas na marka, pinapasa ang kanilang mga klase, nakakapag-buo ng mas mabuting pakikipag-kapwa tao at makapag-aral sa kolehiyo at iba pang oportunidad na pang-edukasyon.

## 2 ANG MAS MALULUSOG NA MGA BATA AY MAS MAGALING NA MAG-AARAL

May kritikal na ugnayan sa pagitan ng kalusugan at pagsulong ng estudyante. Alam ng mga pamilya, mga guro, at mga nagsusuri na ang mga bata ay hindi lalaki, matututo at magtatagumpay kung sila ay hindi malusog. Kayo ay makatutulong masiguro ang kalusugan ng mga bata – at matagumpay na mag-aaral – sa pamamagitan ng pagbibigay ng masustansyang pagkain at tamang alaga, manatiling bumubuo ng kalusugan, at madalas makipag-ugnayan sa inyong lokal na PTA para sa pinakahuling impormasyon tungkol sa mga isyu ng kalusugan at mga programa sa paaralan ng inyong anak.

## 3 ANG MGA PAGBABAGO SA EDUKASYON AY TUMUTULONG SA MGA ESTUDYANTE

Mula sa binagong pormula hanggang sa bagong pamantasan ng pag-aaral at mga pagsusulit, ang mga paaralan sa California ay gumagawa ng mga pagbabagong magiging parte ng kasaysayan na ginawa para tulungan ang mga estudyanteng magtagumpay. At maunawaan kung paano kumikilos ang sistema ng paaralan – katulad ng sa pamamagitan ng School Smarts Parenting Engagement Program ng PTA ng Estado ng California – tumataas ang posibilidad na sumali ang magulang at komunidad, at ito ay nagiging mas epektibo at tumutugon ang edukasyon para sa lahat ng mga bata.



*"Para lang siyang ABC, kapag pinagsama-sama ang pakikipagtulungan ng pamilya, kalusugan ng estudyante at ang mga pagbabago sa tanawin ng edukasyon ito ay nagbabaybay ng tagumpay para sa mga bata ng California – ganun lang kasimple!"*

– California State PTA President Justine Fischer

**— ALAMIN PA —**

Para sa impormasyon tungkol sa tatlong kalakaran ng edukasyon at iba pa, bisitahin ang **capta.org**.



# Anim na susing pamamaraan para magawa ninyo ang naiiba para sa inyong anak at paaralan

Ang mga pagbabago sa edukasyon katulad ng Local Control Funding Formula (LCFF) pati na rin ang bagong patakaraan ng estado at mga pagsusuri ay nagbibigay ng bagong siglo kung saan ang magulang at pamilyang kasali ay mas mahalaga kaysa noon. Kayo ay may pwesto sa mesa kapag may mga desisyon na dapat gawin para sa paaralan ng inyong anal at ang distrito ng paaralan. Narito ang anim na pamamaraan* para kayo ay makasali at makagawa ng magandang pagbabago para sa inyong anak at paaralan:

## 1 Pagpapakita ng pagiging magulang sa positibong pamamaraan at suporta sa pag-aaral sa loob ng tahanan.

Makagawa ng epektibong kasanayan bilang magulang at hanapin ang mas mabuting paraan para maintindihan ang pag-unlad ng bata at kabataan. Magtayo ng tahanang susuporta sa pag-aaral katulad ng paglalagay ng tahimik na lugar upang makagawa ng takdang-aralin, isang regular na oras para mag-aral. Alamin ang patakaran ng guro pagdating sa takdang-aralin at paano matitignan at mapaguusapan ang mga gawaing pampaaralan sa tahanan. Makipag-usap sa inyong anak tungkol sa kanilang pagpasok sa kolehiyo at pagtratrabaho.

## 2 Alamin pa ang tungkol sa paaralan ng inyong anak at makipag-usap sa mga tagapagturo.

Dumalo sa parent-teacher conferences at mga kaganapan sa paaralan ng inyong anak. Alamin kung paano makakakuha ng mga serbisyong magsasalin sa inyong wika. Magbigay ng oras para magbasa ng mga newsletters, mga abiso, at memo na galing sa paaralan. Magtanong sa inyong paaralan kung inaalok ang PTA ng California State School Smart Parenting Engagement Program at, kung hindi, magtanong kung paano ito maaring dalhin sa paaralan ng inyong komunidad.



## Pataasin ang pakikilahok, tagumpay sa inyong paaralan kasama ang programa ng School Smarts Parent Engagement!

school smarts™

Ang School Smarts ay isang programang puno ng gantimpala, pananaliksik na tumutulong sa mga magulang gabayan ang kanilang mga anak at paaralan. Tampok ang pitong sesyon na akademya ng magulang kasama ang edukasyon, pakikipagtalakayan at pamumuno, ang programa ay nagbibigay-diin sa mga gawaing pang-sining at usapang magtatayo ng pakikipaglahok ng mga magulang at namumuno ng paaralan.

**Para dalhin ang School Smarts sa inyong paaralan,** makipag-ugnayan sa inyong PTA o punong-guro o sumulat sa **schoolsmarts@capta.org**.



*"Ang pagaaral at nagsisimula sa tahanan, susunod ang paaralan, at pabalik ng tahanan – ito ay umiikot. Ang School Smarts ay tinuruan ako kung paano sumali, maintindihan ang sistema ng paaralan, at alamin ang pag-unlad ng aking mga anak at ano ang kanilang mga natututunan."*

– Marivic Quiba, Magulang

### 3 Tumulong sa paaralan o sumali sa PTA.

Humanap ng mga paraan para mag-boluntaryo sa klase o iba pang mga pamamaraan para kayo ay makatulong maghanda o magsaayos ng mga kagamitan sa paaralan at sa tahanan. Alamin ang mag tungkol sa mga samahan sa paaralan, mga pagkukusa, at mga komite ng paaralan katulad ng PTA, School Site Council o English Learner Advisory Committees (ELAC). Tumulong sa malawakang kaganapan sa paaralan o samahan ang inyong anak sa mga araling paglalakbay. At tandaan: Ang pagsali sa PTA ay nagpapakita ng suporta sa inyong anak at paaralan.

### 4 Makisali sa pagbuo ng desisyon, pamumuno at pakikipagtulungan sa inyong paaralan.

Alamin ang iba't-ibang paaralan, distrito o komunidad na gumagawa ng desisyon. Ang inyong mungkahi ay mahalaga. Alamin pa ang tungkol sa Local Control and Accountability Plan o LCAP ng distrito ng inyong paaralan at ang walong nangungunang lugar na tutulong sa lahat ng mga bata na magtagumpay. Pag-isipang kumuha ng tungkulin sa pamumuno upang makapagsalita para sa mga bata – sa inyong PTA, sa inyong paaralan at labas nito.

### 5 Maging pamilyar kung ano ang inyong inaasahang matutunan ng inyong anak at paano siya masusubukan bilang bahagi ng bagong pamantayan ng estado.

Dumalo sa mga pagpupulong at/o basahin pa ang tungkol a bagong pamantayan ng estado ng California at paano ito makatutulong ihanda ang mga estudyante sa hinaharap. Alamin pa ang tungkol sa bagong programa para sa pangkalahatang pamantayan ng estado, paano makatutulong ang mataas na marka sa iaktatagumpay ng inyong anak. Kausapin ang guro ng inyong anak upang maunawan kung paano magigign kakaiba ang pag-aaral sa loob ng klase at ano ang pinakamagaling na suporta para sa inyong anak.

### 6 Pakinabangan ang mga tulong ng komunidad.

Sumangguni sa inyong paaralan tungkol sa libre o mababang singil na programa tungkol sa komunidad na pangkalusugan, kultura at lipunan. Alamin ang mga programa pagkatapos ng klase sa paaralan, pagtuturo at libreng programa sa silid-aklatan na bukas para sa inyo at sa inyong pamilya.

*Galing mula sa modelo ni Joyce Epstein para sa pakikipagtulungan ng pamilya at komunidad bilang bahagi ng programa ng California State PTA Smarts Parent Engagement.

# Ang mga bagong pagsusulit ay nagpapatibay ng tagumpay ng estudyante

## Ipinapakita ng bagong tatag na pagsusulit ang mga pangangailangan ng bata at mga layunin



### Ang kalagayan ng edukasyon sa California at nagbabago, pati na rin ang paraan kung paano nasusukat ang mga natututunan ng estudyante.

Tapos na ang mga panahon na may maraming pagpipiliang tamang sagot sa pagsusulit, pagsasagot sa pamamagitan ng bubble tests. Ang mga pagsusulit ngayon ay isa ng mga pagkakataon na ginagamitan ng mataas na teknolohiya, pambihirang pag-iisip at paglutas ng problema – tunay na kasanayan na kailangan para sa tunay na tagumpay sa totoong mundo.

Ang bagong pagsusuri ng programa ng California – tinawag na California Assessment of Student Performance and Progress (CAASPP) – ay kumakatawan sa susunod na hakbang sa mataas na hangarin ng estadong baguhin ang proyekto ng edukasyon. Sa taong 2014-15, ang mga paaralan sa California ay pinalitan ang mga lumang pagsusulit ng bagong pagsusuri para malaman ng mga magulang at mga guro kung gaano natututo ng bagong kasanayan ang mga estudyante at bagong kaalaman na kailangan nila upang sila ay magtagumpay sa mundo ngayon.

Ang unang saklaw ng pagsusulit ay gaganapin sa huling tagsibol (spring) para sa mga estudyanteng nasa antas 3, 4, 5, 6, 7, 8 at 11. Ang darating na taglagas (fall) ang pagdating ng mga unang iskor, magbibigay ng plano at layunin para sa mga magulang at guro na tulungan ang mga estudyanteng magtagumpay ngayong taon na ito ng pampaaralan.

## ULAT NG ISKOR: ANO ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

- **Ang bagong iskor ay magiging bago ang anyo – OK lang iyon!** Ang mga iskor galing sa bagong pagsusulit ay hindi maaring ikumpara sa mga pagususulit na ginawa ng mga bata noon. Ang mga dating iskor ay konektado sa ibang pamantayan, na isinuri sa ibang paraan.
- **Ito ang tamang panahon upang magtanong!** Ang mga magulang ay maari ng magsimulang makipag-usap tungkol sa mga iskor ng pagsusulit sa mga guro ng kanilang anak habang idinaraos ang back-to-school night at ipagpatuloy ang paguusap hanggang sa parent-teacher conferences at iba pang pagpupulong.
- **Ang mga iskor ay makatutulong mapabuti ang pagaaral ng inyong anak.** Ang mga iskor ay nagbibigay sa mga guro ng pagkakataong isaayos ang pagtuturo at bigyan ang mga estudyante at mga magulang ng idea kung anong lugar dapat bigyan ng labis na pansin ngayong taon. Ang mga iskor ay papayagang makita ng mga magulang para malaman kung saang pamantayan na magaling ang kanilang anak.
- **Ang mga bagong iskor ay isa lamang paraan na masukat kung ano ang kalagayan ng inyong anak.** Ang bagong pag-akyat ng mga pagsusulit ay bahagi mg pangkalahatang sistema ng pagsusuri na kasama ang mga takdang-aralin sa klase, mga pagsusulit, ulat na nakasaan ang mga grado at iba pang mga paraan para matignan ang pag-usad ng inyong anak.
- **Ang unang iskor ay nag-uulat ng panimula.** Ang bagong pamantayan ng California ay ginawa upang pataasin ang lalim ng kaalaman at pambihirang pag-iisip, at ang mga pagsusulit ay nagpapakita ng mas mataas na pag-asa. Ang mga unang iskor ay ang panimula para sa tuloy-tuloy na paglaki sa kolehiyo – at paghahanda sa pagtratrabaho at mga kasanayan para sa inyong anak.



## EKSTRANG IMPORMASYON PARA SA MGA ESTUDYANTE NG HIGH SCHOOL!

**Ang kaalaman ninyo sa antas ng tagumpay ng inyong anak sa pagtatapos ng ika-11 baitang ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataong gamitin ang kanilang taon sa senior high school para mapagaling ang kanilang kasanayan para makapasok sa kolehiyo o career technical education pagkatapos ng high school.** Ngunit kahit anong plano ng inyong anak sa hinaharap, ang pagkuha ng mga hakbang para maghanda bago magtapos ay mahalaga sa hinaharap na tagumpay. Ang mahalagang benepisyo ng mga estudyanteng gumanap ng "mataas pa sa pamantayan" sa mga pagsusulit ay maaring malibre sa hindi pagkuha ng pagsusuri sa California State University (CSU) o sa mga kalahok na California Community College (CCC). Ito ay magbibigay ng pagkakataon sa inyong anak na makapili agad sa maraming nakalistang kurso sa antas ng kolehiyo sa araw ng enrollment. Ang mga estudyanteng gumanap sa "nakamit ng tama ang pamantayan" ay hinihimok na kumuha ng tamang kurso sa kanilang senior year para sila ay makapasok sa mga kursong pang-kolehiyo ang antas o career training.

**Alamin pa sa www.csusuccess.org.**

# MGA DAPAT TANUNGIN

Ang ulat ng iskor mula sa bagong pagsusulit ng estudyante ay nag-aalay ng malaking pagkakataong mag-usisa ng mga tanong:

- **Tanungin ang inyong Anak:** Ano ang mga paksa na sa tingin ninyo ay dapat na partikular na mag-pokus sa taong ito, base sa resulta ng inyong pagsusulit? Ano ang nakikita ninyong lakas na maaring itatag?
- **Tanungin ang inyong Guro:** Paano magagamit bilang pagtuturo ang mga resulta ng pagsusulit sa taong ito? Ano ang maari naming gawin sa tahanan upang matulungan ang aming anak matuto at maging matagumpay? Paano ba sinusuri ang iba pang mahalagang paksa?
- **Tanungin ang inyong Punung-guro:** Ang mga indibidwal na resulta ng pagsusulit ba na ginamit sa paaralan ay nasa klase o para sa partikular na desisyon? Ano ang inyong natutunan sa antas ng pangkalahatang resulta ng pagsusulit?
- **Tanungin ang inyong Tagapangasiwa:** Ang mga resulta ba ng pagsusulit ng distrito ay makatutulong sa kahot anong pagpapaunlad na propesyonal ngayong taon? Ano ang mga susunod na hakbag ng distrito para matuloy ng buo, matagumpay na implementasyon ng bagong pamantayan?


## UNAWAIN ANG ISKOR NA ULAT NG INYONG ANAK


Ang iskor na ulat ng inyong anak ay binubuo ng dalawang pahina, parehong sadyang ginawa para sa inyong anak. Ang mga detalyadong iskor at mga kagamitan ay mas makabubuting maglarawan ng pag-usad ng inyong anak at magbigay ng mga pagkakataong gumana kasama ang mga tagapagturo para masiguro ang ikatatagumpay ng inyong anak.

**Para sa karagdagang impormasyon** sa ulat ng iskor, siguraduhing panoorin ang video ng California Department of Education – bukas sa Ingles at Espanyol – pati na rin ang bagong gabay para sa magulang sa www.cde.ca.gov.

**Kasama sa unang pahina:**

- Isang sadyang ulat mula sa tagapangasiwa ng estado tungkol sa pagsusulit ng inyong anak at ang bagong ulat tungkol sa iskor.
- Pangkalahatang iskor na naglalarawan ng pagganap ng inyong anak sa wikang Ingles at singing, matematika. Nakasaad ang bilang na iskor pati na rin ang bar na nagpapakita ng mga inaasahang iskor kung ang pagsusulit ay kinuha ng maraming beses, ang ulat ay magsasabi kung ang inyong anak ay nakakuha ng "standard not met", "standard nearly met", o "standard exceeded" sa dalawang pangunahing paksa.




**Kasama sa pangalawang pahina:**

- Bahagi ng apat na paksa sa wikang Ingles sa sining, nag paglatag ng pagganap ng inyong anak sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig at pagsusuri/pagtatanong na parte ng pagsusulit.
- Bahagi ng tatlong paksa ng matematika, nagbibigay ng detalye tungkol sa pagganap ng inyong anak sa pagsagot sa mga suliranin (problem solving)/pagpapakita/pag-analisa, mga konsepto at pamamaraan, at pakikipagusap ng may katwiran bilang bahagi ng pagsusulit.
- Paglalarawan ng pagganap ng inyong anal sa pitong paksa bilang "below standard", "at or near standard", o "above standard."

# ANG MGA BAGONG PAGSUSULIT NA TUTULONG MAGTAGUMPAY ANG INYONG ANAK

- **Sukatin ang kasanayan sa tunay na mundo.** Para maging handa sa kolehiyo at lugar ng pagtratrabaho, ang inyong anak ay kailangang gamitin ang kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng magaling na pag-iisip, makatwirang pagsusulat at paglulutas ng problema. Ang bagong pagsusulit sa matematika, wikang Ingles sa sining ay sinusukat ang kasanayan ng mga estudyante na kailangan nila sa kanilang pagtatapos.

- **Tapusin ang pagtuturo sa pagsusulit.** Kasama sa bagong pagsusulit ang mga gawain na mas maglalarawan kung ano ang natututunan ng inyong anak sa klase. Ito ay nagbibigay ng eksaktong pag-unawa sa kaalaman ng estudyante kumpara sa mga dating pagsusulit sapagkat tinatanong nito ang mga estudyante na ipakita at gawin ang natutunan nila, imbes na pumili sa tamang sagot sa isang pagsusulit na kilala sa tawag na multiple- choice.

- **Alamin kung ang mga estudyante ay nasa tamang landas ng tagumpay.** Dapat malaman ninyo kung ang inyong anak ay may kaalaman at kasanayang kailangan para sumulong sa susunod na baitang sa paksang iyon. Ang bagong pagsusulit ay matitignan ang akademya at matulungan ang mga guro at mga magulang malaman kung ang mga estudyante ay nasa tamang landas para makapag-kolehiyo at handang makapagtrabaho sa bawat antas ng grado.


- **Paggamit ng teknolohiya para makapagbigay ng mas tamang impormasyon sa mga guro at mga magulang.** Ang mga pagsusulit online ay kinapapalooban ng maraming iba't-ibang tanong at mas sigurado kumpare sa pagsusulit gamit ang papel. Ang mga pagsusulit ay akma sa bawat sagot ng estudyante, pagdadaan mula sa madali hanggang sa mas mahirap na mga tanong upang maunawaan nila ang tamang sukat ng pangunawa ng estudyante.

- **Magbigay ng mga pagkakataon para sa maagang pamamagitan.** Ang mga guro ay may daan para sa mga pagsusulit na maaring ibigay sa loob ng taon para matignan ang pagunlad ng estudyante. Kapag may impormasyon ang mga guro tungkol sa lakas at pangangailangan ng inyong anak, sila ay mas makapagbibigay ng suporta na turuang matuto ang inyong anak.

- **Pinalitan ang mga pagsusulit ng estado sa Ingles at Matematika.** Ginawa ng mga eksperto at tagapagturo, ang bagong pagsusulit ay pinalitan ang dating STAR tests sa Ingles at Matematika.

- **Suportahan ang mga estudyante may espesyal na pangangailangan.** Isinama sa bagong pagsusulit para tulungan ang mga nag-aaral ng Ingles at mga estudyante na may espesyal na pangangailangan ipakita kung ano ang kanilang nalalaman at ang kaya nilang gawin.

Kung kayo ay may katanungan tungkol sa mga bagong pagsusulit, malayang makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak, paaralan o PTA. Kami ay nandito para tumulong sa tagumpay ng inyong anak!





**BUMISITA SA**
**CAPTA.ORG/RESOURCES**
Para sa libreng gabay ng pagsusulit mula sa California Department of Education and California State PTA!



# Mas Malalim na Pagtuklas: Ang mga bagong pamantayan ng California sa wikang Ingles, sining at Matematika

Ang mga bagong pamantayan ng estado ng California sa wikang Ingles, sining, at matematika ay bahagi ng pangkalahatang pagbabago para lahat ng paaralan ay makasiguro na lahat ng mga estudyante ay magtatagumpay. Ito ay nagbibigay ng mas malalim, puno at mas tamang pamamaraan na may malinaw na nakatakdang layuninpara sa bawat antas para tulungan ang inyong anak maghanda – at ang bawat bata – na matagumpay makisalamuha sa mga pagbabago ng mundo.





## Narito ang ilan sa mga malalaking tulong na dapat malaman tungkol sa bagong pamantayan at paano ito makatutulong sa inyong anak ngayong taon ng pampaaralan:

- **California Department of Education**
  Basahin ang pamantayan at manaliksik ng listahan ng mga tulong para makakuha ng suporta. www.cde.ca.gov/re/cc/
  - Mayroon ding bahagi ng mga pagkukunan at gabay para sa komunidad ng espesyal na edukasyon. www.cde.ca.gov/sp/se/cc/
- ***Gabay para sa ikatatagumpay ng estudyante* sa PTA ng California State**
  Isang apat na pahinang gabay sa bawat antas, kasama dito ang mga inilalarawang pamantayan, mga idea na susuporta sa pag-aaral sa tahanan at mga tanong na maaring itanong sa guro ng inyong anak. Ito ay nasa anim na wika. www.capta.org/commoncore
- **Konseho ng Great City School Parent Roadmap**
  Makita ang tatlong taon na larawan na pinapakita kung paano napili ang mga pag-unlad ng pamantayan sa bawat taong nagdaan upang ang inyong mga anak ay makapasok sa kolehiyo-at-handang makapagtrabaho sa araw ng pagtatapos ng high school. www.cgcs.org/Domain/36
- **Ed100.org**
  Siyasatin ang sistema ng edukasyon ng California sa madaling-nauunawaang wika. www.ed100.org
- **Ang Homework Help Desk**
  May katanungan ba tungkol sa takdang-aralin ng inyong anak? Hanapin ayon sa antas o paksa, magbasa sa pamamagitan ng mga videos o magtanong. www.thehomeworkhelpdesk.org
- **Maging Bayani ng Pagtuturo**
  Ang tinaguriang site na suportado ng PTA ay nagbibigay ng mga payo, mabilis na karunungan at mga gabay para matulungan ang inyong anak na magtayo ng kasanayan na ginawa para mas mapaunlad ang karunungan ng inyong anak sa mga paksang kailangan niya ng suporta. www.bealearninghero.org/skill-builder

# Magsimula ng isipin ang Kolehiyo (At Paano ito Mababayaran)

Hindi masyadong maaga – o huli na ang lahat – para mag-plano ng kolehiyo para sa inyong anak sa hinaharap at magawa ang mapa ng pag-iipon para sa kolehiyo.

Ang California State PTA at ScholarShare California's 529 College Savings Plan, ay nakikilahok sa pag-angat ng kamalayan tungkol sa kahalagahan ng pag-iipon para sa kolehiyo. Narito ang ilang hakbang na maari ninyong gawin para makagawa ng mapa ng pag-iipon para sa kolehiyo ng inyong anak:




## Magsimula sa Maliit at Maaga

Ang tungkulin ng pag-iipon para sa kolehiyo ay nakagugulat, ngunit kung ito masisimulan ng mas maaga, mas malaki ang pagkakataong ang inyong anak ay makapag-kolehiyo at magkaroon ng panggastos para ito ay mabayaran. Maraming pag-aaral ang nagpapakitang ang batang may ipon para sa kaniang kolehiyo ay 6 hanggang 7 beses malaki ang pagkakataong pumasok sa kolehiyo. Ang susi ay magsimula agad.

## Pag-aralan ang inyong Pondo

Ang pag-iipon para sa kolehiyo ay nakapanghihina ng loob. Kaya importante na tignang mabuti ang inyong pondo at alamin kung saan ninyo kukunin ng regular ang kontribusyon para sa kolehiyo. Walang kontribusyon na maliit. Lahat ng munting bagay ay nakatutulong.

## Itakda ang inyong Layunin

Ang pagbabayad ng 100 porsyentong gastusin para sa kolehiyo ng anak ay hindi makatotohanang layunin para sa ibang magulang. Sa kabutihang palad, ang bahagi ng inyong ipon ay isa lamang parte ng mas malaking plano para makabayad sa kolehiyo. Alamin ang layunin na posible para sa inyong pamilya at planuhin ito ng mabuti.

## Unawain ang inyong 529 Plan

Ang 529 Plan ay itinatag ng estado, may pakinabang sa tax na dinisenyo para tumulong sa mga pamilyang mag-ipon para sa kolehiyo. Ang Estado ng California ay nag-aalay ng ScholarShare College Savings Plan. Dagdag pa sa maraming benepisyo nito, kayo ay makapag-bubukas ng account ng may $25 lang. Bumisita sa scholarshare.com para sa karagdagang impormasyon.

## Karagdagang Tulong

Maraming libreng tulong ang bukas para tumulong sa mga paghahanap ng trabaho at paggawa ng plano para sa kolehiyo. Ang mga tagapagpayo ng paaralan ay ang una ninyong tulong para makakuha ng impormasyon tungkol sa paghahanap ng trabaho at kolehiyo. Ang pagbibigay ng kaunting oras para makipag-usap sa tagapagpayo ng paaralan ay nakatutulong sa maraming ideya sa pagtratrabaho, pagsusulit para malaman ang hilig na trabaho ng inyong anak, teknikal/bokasyon at marami pang iba. Ang inyong paaralan o lokal na silid-aklatan ay ilan sa mga makatutulong sa pag-pla-plano ng inyong hinaharap.

Articles appearing in this newsletter may be reprinted in PTA unit, council and district newsletters only. Please credit California State PTA.

**PTA IN CALIFORNIA**
2327 L Street, Sacramento, California 95816-5014
PH (916) 440-1985 • FAX (916) 440-1986
capta.org

FALL 2015, Official newsletter of the California State PTA, Volume 78, No. 1. Four issues published annually. Circulation 80,000. ©2015 California Congress of Parents, Teachers, and Students, Inc. All rights reserved. PTA® is a registered service mark of the National Congress of Parents and Teachers.

President: Justine Fischer
Vice President for Communications: Carol Green
Vice President for Education: Celia Jaffe
Executive Director: Sherry Skelly Griffith
Editorial and Design Team:
Michelle Eklund, Brady Oppenheim, Ralph Ruiz, Pat Ruiz

**The mission of the California State PTA is to positively impact the lives of all children and families.**

*Adopted August 2013*

California State PTA®
2327 L Street
Sacramento, California 95816-5014

NON-PROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
**PAID**
CPS


## Pumunta sa kapulungan

***Manatili para sa bakasyon***

**Ipinakikilala ang mga tinaguriang tagapagsalita, mga masigasig na workshop, at mga kaaya-ayang aktibidad, ang 2016 California State PTA Annual Convention ay isang lugar para iugnay ang tagumpay ng estudyante!**



**Mayo 4-7, 2016 sa San Diego**
**capta.org/convention**





## Nag-iisa lang ang PTA!

Bahagi ng paaralan, pamilya at kapitbahay ang higit pa sa 115 taon, ang PTA ay isang organisasyong pampamilya. Kung ang inyong paaralan ay hindi pa bahagi ng PTA, kayo ay maaring magsimula ng PTA at ipagpatuloy ang isang siglo ng tagapagtaguyod para sa mga kabataan, pamilya at komunidad.

capta.org